



Patalastas Blg. _____ 18 _____, s. 2020

PATALASTAS

SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO

PAKSA : Pagdiriwang Ng Buwan Ng Wikang Pambansa 2020

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, pangungunahan ng **Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** ang pagdiriwang sa **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing **1-31 ng Agosto**.

Para sabáyang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Buwan ng Kasaysayan, ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 20-18 na nagtatakda ng temang "*Wika ng Kasaysayan; Kasaysayan ng Wika, Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya*" na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at ng wika.

Layunin ng Buwan ng Wika 2020 ang sumusunod:

- a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
- b. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF;
- c. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan sa KWF;
- d. Mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminasyong pangwika; at,
- e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Filipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

Hinati sa apat (4) na lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

Petsa	Tema
3–7 Agosto	Pagtangkilik sa Katutubong Wika bílang Pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya
10–14 Agosto	Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya
17–21 Agosto	Kasaysayan ng Wika: Wika ng Kasaysayan <i>Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya</i>
24–28 Agosto	Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)** sa telepono blg. 0928-8441349 o mag sulatroniko sa komisjonsawika@gmail.com.


ALICIA dela ROSA-BALA
Tagapangulo

07 Agosto 2020